REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
UL Complex, Meralco Avenue
Pasig, Metro Manila

PHILIPPINES 2000

*Sama-Sama sa DECS*

Pebrero 19, 1998

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 63, s. 1998

## PAMBANSANG SEMINAR: "GINTONG PANULAT"

Sa mga: Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paraalan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan sa Sekundarya

1. Ang Kagawaran ng Filipino, Pamantasang Ateneo de Manila sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports (DECS) ay magdaraos ng taunang palihang "Gintong Panulat": Makabagong Paraan sa Pagtuturo ng Ibong Adarna, Florante at Laura, Noli Me Tangere at El Filibusterismo, na gaganapin sa AVR Room, Social Science Building, Loyola Heights Campus sa Abril 16-18, 1998.

2. Layunin ng palihan ang:

   a. maibahagi sa mga guro ng mataas na paaralan na nagtuturo ng Filipino ang makabagong paraan para sa pagsusuri ng mga kanonisadong akda tulad ng Ibong Adarna, Florante at Laura ni Francisco Baltazar, Noli Me Tangere at El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal;
   b. mapayaman ang mga pamamaraang ginagamit ng mga guro sa pagsusuri ng mga nasabing teksto; at
   c. makiisa sa pagdiriwang ng Sentenaryo ng Kalayaan.

3. Inaanyayahang dumalo sa seminar ang mga guro ng pribado at publikong mataas na paaralan na nagtuturo ng Filipino. Ang butaw ay dalawang libong piso (P2,000.00) para sa mga materyales at miryenda sa loob ng dalawa at kalahating araw. Hindi kasama sa naturang halaga ang pagkain at akomodasyon ng mga kalahok.

4. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit ang mga gastos ng mga guro sa publikong mataas na paaralan. Ang mga guro naman sa pribadong paaralan ay kailangang makipag-ugnayan sa kanilang pangasiwaang pampaaralan tungkol sa mga dapat gastusin sa naturang seminar.

5. Para sa mga interesadong dumalo, mangyaring ipadala ang sagot o tumawag sa:

Ang Kalihim
Kagawaran ng Filipino
Pamantasang Ateneo de Manila
Loyola Heights, Quezon City
P.O. Box 154, Manila
Telepono # 9244601; loc. 2452/2453
Fax # 9244690

6. Kalakip nito ang patnubay tungkol sa palihan, programa at palatuntunan ng mga gawain.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ANTONIO E. B. NACHURA
Kawaksing Kalihim
Nanunungkulang Pinuno

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
W a l a

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

SEMINARS

# TUNGKOL SA PALIHAN

Ang palihan ay bahagi ng seryeng pantag-araw na inihahanda ng Kagawaran ng Filipino para sa mga guro upang makatulong sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa iba't ibang aspekto ng panitikan, kultura at lipunan. Sa taong ito, bibigyang-halaga ng palihan ang pagpapayaman sa pag-aaral ng mga klasikong akda na itinuturing na bukal ng kasaysayan at kaisipang makabansa bilang pakikiisa ng kagawaran sa pagdiriwang ng sentenaryo ng independensiya.

Pinakamahalaga ang layunin ng palihan na maibahagi sa mga guro ng Mataas na Paaralan ang makabagong lapit para sa pagsusuri ng mga kanonisadong akda tulad ng *Ibong Adarna*, *Florante at Laura* ni Francisco Balagtas, *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Dr. Jose Rizal. Gayundin, higit pang pagyayamanin ng palihan ang ginagamit na pamamaraan ng mga guro sa kasalukuyan sa pagsusuri sa mga nasabing teksto sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa mga piling kabanata.

May apat na pangunahing paksa ang panayam: *Ibong Adarna* , *Florante at Laura, Noli Me Tangere at El Filibusterismo*. Nahahati sa dalawang bahagi ang bawat paksa: ang panayam tungkol sa partikular na akda sa pamamagitan ng paggamit ng partikular na lapit, at ang ikalawang hati ay ang pamamaraan o praksis kung paano ito ituturo sa mga mag-aaral.

Ang bawat guro ay makatatanggap ng kit na naglalaman ng 1) papel ng panayam 2) disenyo o pamamaraan kung paano mailalapat ang nasabing panayam sa pagtuturo at 3) mga kaukulang materyal na makatutulong at magbibigay-linaw sa paksa.

PROGRAMA

Gintong Panulat: Makabagong Lapit sa Pagtuturo ng Ibong Adarna
Florante at Laura, Noli Me Tangere at El Filibusterismo
sa Mataas na Paaralan

*16 Abril, 1998*

*Umaga*

Pagpapatala
Pagbati (Opisyal ng DECS/Ms. Concepcion Rosales)
Pagpapakilala sa mga Kalahok
Paksa I - Ibong Adarna
Panayam: Makabagong Lapit sa Pagsusuri sa Ibong Adarna
Tagapanayam: Gng. Corazon L. Santos
Pakitang-turo: G. Joseph Salazar, G. Jerry C. Respeto

*Hapon*

Paksa II - Florante at Laura
Panayam: Makabagong Lapit sa Pagsusuri sa Florante at Laura
Tagapanayam: G. Danilo Francisco M. Reyes
Pakitang-turo: G. Gary Devilles, Bb. Jeth Candor

*17 Abril, 1998*

*Umaga*

Paksa III - Noli Me Tangere
Panayam: Makabagong Lapit sa Pagsusuri sa Noli Me Tangere
Tagapanayam: Gng. Benilda Santos
Pakitang-turo: G. Pol Gongora, Bb. Christine Bellen

*Hapon*

Paksa IV - El Filibusterismo
Panayam: Makabagong Lapit sa Pagsusuri sa El Filibusterismo
Tagapanayam: Dr. Policarpio B. Peregrino
Pakitang-turo: G. Luis Morano, G. Richard de Guzman

*18 Abril, 1998*

*Umaga*

Sintesis
Ebalwasyon ng Seminar
Pagwawakas ng Seminar
Paggawad ng Sertipiko

## PUNA/MUNGKAHI SA KALAKIP NA MEMORANDUM

1. Mahalaga at napapanahon ang pagdaraos ng taunang palihan. Layunin nitong m apayaman ang pag-aaral ng mga klasikong akda, gayundin ang paglinang ng mga makabagong pagdulog kung paano ito ituturo ng mga guro sa kanilang mag-aaral;

2. Sa pagpapalawak ng kaalaman sa aspektong ito ng panitikan, isasaalang-alang din sa palihan ang mga paksang makabansa kaugnay ng sentenaryo ng ating kalayaan.

3. Nakasaad sa huling araw ng programa ang ebalwasyon ng seminar, ngunit walang nakalakip na paraan upang masukat ang bisa at kahalagahan ng palihan.